

utos ng doktor; **14.** Mapasabihan tungkol sa anumang pinansiyal na benepisyo kapag inirerekomenda sa isang organisasyon; **15.** Ganap na mapasabihan tungkol sa iyong mga responsibilidad; **16.** Tumanggap ng impormasyon sa saklaw ng mga serbisyo na ipagkakaloob ng organisasyon at mga ispesipikong limitasyon ng mga serbisyonang iyon.

Mga Responsibilidad ng Pasvente

1. Magbigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon hinggil sa iyong kasalukuyang kalusugan, gamot, mga allergy, atbp., kapag naaangkop sa iyong pangangalaga/serbisyo; **2.** Maisama, ayon sa kinakailangan at kakayahan, sa pagbuo, pagsasakatuparan at pagbabago ng iyong plano ng serbisyonang pangangalaga sa tahanan, tulad ng tamang paglilinis at pag-iimbak ng iyong kagamitan at mga suplay; **3.** Linisin at mentenahin nang tama ang kagamitan at mga suplay; **4.** Makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang mga tanong o problema hinggil sa iyong kagamitan, mga suplay o serbisyo; **5.** Abisuhan ang doktor na gumagamot sa iyo kapag masama ang iyong pakiramdam; **6.** Abisuhan kami bago ka lumipat ng tirahan o magpalit ng numero ng telepono; **7.** Abisuhan kami kapag nagkakaroon ka ng problema sa kagamitan o serbisyo; **8.** Abisuhan kami kung babaguhin o ihihinto ng iyong doktor ang iyong reseta; **9.** Abisuhan kami tungkol sa pagkakait at/o paghihigpit ng aming patakaran sa pagkapribado.

Mga Inaalala ng Kostumer

1. Maaari Mo Kaming Kontakin sa (800) WAL-MART. Sa loob ng limang araw pagkatanggap sa reklamo kokontakin ka sa telepono, email, fax o sulat na natanggap namin ang iyong reklamo. Sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo magbibigay kami ng nakasulat na abiso hinggil sa mga resulta ng iyong pagtatanong at ang kalutasan. Maaari kang tumawag sa (800) WAL-MART kung mayroon kang inaalala hinggil sa pandaraya at pang-aabuso o anumang paggamot o mga serbisyonang ipinagkaloob ng aming organisasyon o maaari kang makipag-ugnayan sa Accreditation Commission for Health Care (ACHC) sa (919)785-1214 o (855) 937-2242 kung ang iyong reklamo ay hindi naresolba. Maaari ka ding tumawag sa Office of Inspector General sa 1-(800) 447-8477. **2. Medicare DMEPOS Supplier Standards.** Ang mga produkto at/o serbisyo na ipinagkaloob sa iyo ng Wal-Mart Stores, Inc. ay napapasailalim sa mga pamantayan ng supplier na nilalaman ng mga Pederal na regulasyon na ipinapakita sa 42 Code of Federal Regulations Section 424.57(c). Ang mga pamantayang ito ay may kinalaman sa mga usaping pampropesyonal at pagpapatakbo ng negosyo (hal., pagtupad sa mga warantiya at mga oras ng pagpapatakbo). Ang kumpletong teksto ng mga pamantayang ito ay makukuha sa www.ecfr.gov. Kapag hiningi mo bibigyan ka namin ng nakasulat na kopya ng mga pamantayan. **3. Impormasyon sa Warantiya.** Bawat produktong ibinebenta o nirerentahan ng aming kompanya ay may isang-taong warantiya ng gumawa. Aabisuhan namin ang lahat ng benepisyaryo ng Medicare tungkol sa coverage ng warantiya, tutuparin ang lahat ng warantiya sa ilalim ng naaangkop na batas, kukumpunihin o papalitan, nang walang bayad, ang kagamitang may warantiya na saklaw ng Medicare. Dagdag pa, isang manwal ng may-ari na naglalaman ng impormasyon sa warantiya ang ibibigay sa mga benepisyaryo ng lahat ng matibay na kagamitang medikal kapag may available na ganitong manwal.